Institute of Political Economy

Hulyo 2003

Praymer sa Pambansang Kalagayan

KATAS NG GERA

Ngayong Hulyo 2003, gaganapin ang huling state of the nation address (SONA) ni Pangulong Gloria Macapagal Arroyo bago ang eleksyong presidensyal sa susunod na taon. Marami ang nag-aabang dito lalo pa't nakabitin ang deklarasyon ng pangulo kung ito'y muling tatakbo sa eleksyon sa gitna ng bulungbulungan na babawiin nito ang desisyon noong Disyembre 2002 na hindi na kakandidato sa 2004. Ngayon pa lang, kumahog na ang mga pulitiko na ipwesto ang sarili at ihanda ang kanikanilang makinarya at kwarta para sa eleksyon.

3rd Floor, SCC Building, 4427 Interior Old Sta. Mesa, Manila ● P.O. Box SM-447, Manila 1008
Tels. 7132737, 7132729 ● Fax 7160108 ● E-mail: editors@ibon.org

Pero inaabangan din kung paano nito ipaliliwanag ang patuloy na bumabagsak na kabuhayan ng mamamayan at ang lumalalang kaguluhang panlipunan na direktang resulta ng mga patakarang ipinagpilitan ng gubyerno sa kabila ng mga babala at protesta ng iba't ibang sektor ng lipunan. Anong gimik naman kaya ang ihaharap ng gubyernong Arroyo matapos lumubog ang mga bangkang papel?

Nangangamoy pulbura pa ang rehimeng Arroyo. Kung tutuusin, puro gera ang hinarap nito sa unang hati ng taon. Kabilang sa tiyak na ipagmamalaki ng administrasyon ang papuring tinamasa nito sa punong imperyalista ng US hindi lamang sa natatanging papel na ginampanan nito sa gerang agresyon ng US sa Iraq. Higit pa rito, pinatunayan din nito ang katapatan sa pagsusulong ng globalistang programa at patakaran ayon sa preskripsyon ng mga ahensya ng imperyalismo habang ginagamit ang militaristang solusyon sa mga panlipunan at pampultikang sigalot na kinakaharap ng kanyang administrasyon. Ang "matatag na republika" (strong republic) sa katunayan ay pagsisikap na tularan ng papet ang militaristang tunguhin ng imperyalismong US.

Bilang pabuya sa isang matapat na papet, enggrandeng sinalubong si Pangulong Arroyo sa kanyang pagbisita sa Amerika at pinangakuan ng tulong militar at puhunan bilang kapartner ng imperyalismong US sa pandaigdigang gera laban sa "terorismo".

Kumbaga, binuhusan ng imperyalismo ng katas ng gera ang pinakamatapat nitong na alagad. Ayudang militar, proyektong pangkaunlaran at ang pinakamahalaga ay ang endorso ng punong imperyalista — katas ito ng pagiging matapat na tuta, katas din ito para ibayong pabangisin ang militaristang tindig ng gubyernong Arroyo. Pagkatapos ng garapalang pananakop ng US sa Iraq, namumudmod na ang imperyalismo ng katas ng gerang agresyon nito.

1 Ano ang iniluwal na kalagayan sa daigdig matapos ang gerang agresyon ng US sa Iraq?

Lalong nabatbat ng ligalig ang buong mundo kahit na pa nagdeklara ng tagumpay ang armadong panghihimasok ng US sa Iraq. Katunayan, patuloy

ang paglaban at putaputaking pag-atake ng mga mamamayang Iraqi sa mga sundalong Amerikano at sa gubyernong militar na itinayo ng gubyerno ng United States (US) at United Kingdom (UK). Tinatayang aabot na sa 40 ang sundalong Amerikano na namatay sa mga gerilyang atake ng mga pwersang Iraqi mula noong Mayo 1 nang ideklara ni US President George Bush na tapos na mayor na labanan. Hangang ngayon, malaking bahagi pa rin ng Iraq ang walang kuryente at tubig, at malaganap ang sakit, kahirapan at krimen na sukat ipag-alsa ng mamamayang Iraqi.

Bukongbuko ang tunay na intensyon ng US sa pakikidigma nito sa Iraq dahil walang natagpuang weapons of mass destruction (WMD) kahit na pa sinuyod nito ang buong kalupaan ng Iraq. Nalantad din ang mga maniobra nito upang gamitin ang masmidya at palitawing popular ang gera samantalang araw-araw ay may mga rali at pag-aalsang isinasagawa na pilit ikinukubli ng kontroladong masmidya.

Unti-unting naghuhugas ng kamay ang mga gubyerno ng mga bansang sumuporta sa gerang agresyon. Matapos na malantad na peke ang ebidensya ng diumano'y weapons of mass destruction, lalo pang pinutakte ng protesta at kritisimo ang mga gubyernong sumuporta sa US. May ilan pa ngang natalo sa mga nilahukang eleksyon na patunay sa malawakang pagtatakwil sa kanila ng mga mamamayang ayaw sa gera.

Samantala, parang tinapay na pinaghahatihati na ngayon ang mga yaman ng Iraq. Hindi pa mang napapawi ang mga usok ng digma ay nakapwesto na ang mga korporasyong transnasyonal sa langis na karamihan ay pag-aari ng mga kamag-anak at upisyal ng gubyernong Bush. Sa simula pa lamang, malinaw na langis ng Iraq ang talagang intensyon ng digma at hindi ang diumano'y mapamuksang gamit pandigma ng despotikong rehimen ni Saddam Hussein.

Ginamit din nito ang anggulo ng terorismo upang bigyang katwiran ang pananalakay sa Iraq. Subalit matapos ito, hindi rin nagkatutuo at lalong di nagtapos sa Iraq ang paghahanap ng gubyernong Bush ng mga terorista. Binantaan nito ang Syria at Iran na isusunod at patuloy itong nang-uupat ng digma sa mga bansang tulad ng North Korea, Liberia at sa Pilipinas.

Pero bigo ang imperyalismong linlangin ang buong mundo sa tunay na pakay nito sa gerang agresyon sa Iraq. Hindi nito maitagong ang tunay na pakay sa gera ay ang mga pagkontrol sa mga mayamang rekurso ng Gitnang Silangan at ang patuloy nitong kampanya upang maghari sa buong daigdig. Sa harap ng matinding krisis sa sobrang produksyon na bumabayo sa mga pandaigdigang kapitalistang sistema laluna sa mismong ekonomya nito, hangad ng gerang agresyon ng US na makaalpas sa krisis, manaig sa kompetisyon sa mga kapwa imperyalista at makuha ang solong kapangyarihan sa pandaigdigang ekonomya at pulitika.

2 Naampat ba ang pandaigdigang krisis sa ekonomya matapos ang gera sa Iraq?

Resulta ng pandaigdigang krisis ng imperyalismo ang gerang agresyon ng US at UK sa Iraq. Ang patuloy na pagkitid ng pamilihan dahil sa sobrang produksyon at ang ang intensipikasyon ng kompetisyon sa pagitan ng mga imperyalistang bansa ay masasalamin sa nagtutunggaliang posisyon ng mga ito sa Iraq. Tinutulan noon ng mga imperyalistang bansang France at Germany at maging ng China at Rusya ang gerang agresyon ng US at UK dahil sa nauna na silang nakapwesto sa mayamang mina ng langis sa Iraq. Taliwas sa pinalilitaw na mga isyu ng weapons of mass destruction at despotikong rekord ng gubyerno ni Saddam, ang talagang pinagtatalunan sa makapangyarihang United Security Council ay ang pagtatalo kung kanino mapupunta ang “kontrata” ng langis sa Iraq na pinakamayamang mina ng langis sa daigdig.

Subalit ang agawan sa kontrol ng langis ay isa sa mga flashpoints ng inter-imperyalistang tunggalian ngayon sa daigdig sa gitna ng matinding krisis na bumabayo ngayon sa pandaigdigang kapitalistang sistema. Bahagi ito ng patuloy na agawan ng mga imperyalistang bansa upang makontrol ang mga pangunahing rekurso tulad ng langis, makapagpalawak ng pamilihan para sa kanilang mga produkto at kapital, at manaig sa kapitalistang kompetisyon.

Matatandaang sa pagpasok ng bagong milenyo halos sabaysabay na nagkaroon ng resesyon ang mga pinakamalalaking ekonomya ng US, Japan at Europa sa pangunguna ng Germany. Itinuturing kahit ng mga burges na ekonomista na ang krisis na dinaranas ngayon ng mga imperyalistang bansa

ay halos katulad ng Malaking Depresyon noong 1930s at hindi simpleng bahagi lamang kapitalistang siklo ng krisis at pag-ahon.

Ang kasalukuyang krisis ay kinatatangian ng mga dramatikong pagbagsak sa mga pandaigdigang sentro ng stock market lalu na sa New York Stock Exchange. Ilang ulit na lumaki ang produksyon dahil sa mga makabagong teknolohiya subalit umaaapaw naman ito dahil sa papaliit na pamilihan at kawalang kakayahan ng mga konsyumer na bumili. Pumutok din ang bula ng sinasabing “bagong ekonomya” sa pagbagsak ng benta at produksyon ng mga produkto at serbisyo sa sektor ng information technology. Maraming dambuhalang korporasyon din ang nalugi sa US tulad ng Enron at Worldcom na patunay sa matinding krisis na kinasasadlakan nito.

Unti-unti ay nahubaran ang maskara ng kasaganaan ng sinasabing globalisasyon. Mula noong 1980, ang krisis sa sobrang produksyon ay lalo pang pinalala ng mga patakaran ng globalisasyon sa pangunguna ng imperyalismong US. Sa pamamagitan ng mga instrumentong multilateral tulad ng International Monetary Fund (IMF), World Bank (WB), World Trade Organization (WTO) at maging ng United Nations (UN), pwersahan nitong nire-istruktura ang mga ekonomya ng mga mahihirap na bansa. Gamit ang preskripsyon ng “malayang kalakalan” at structural adjustment programs (SAP) kapalit ng dagdag na pautang, nailatag ng imperyalismo ang liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon ng mga ekonomya upang bigyang daan ang sobrang produkto at kapital ng mga imperyalistang bansa at pumiga pa husto sa naghihingalong ekonomya ng mahihirap na bansa.

Ibayong lumaki ang papel ng pinansya at pautang sa pandaigdigang ekonomya na humantong sa paglobo ng “bagong ekonomya” na nakabatay sa ispekulasyon at artipisyal na paglago ng ekonomya habang patuloy na umimpis ang “tunay” o produktibong bahagi ng ekonomya ng mga bansa. Sa pagsasara ng milenyo, sumambulat ang bula ng bagong ekonomya at maramihan ang nalugi at nagsarang mga kumpanya at bumagsak maging ang mga ekonomya ng mga tinatawag na newly industrializing countries (NIC).

Nagluwal ito ng napakatinding paghihikahos at kawalang hanapbuhay sa mayorya ng mamamayan ng daigdig. Ibayong lumaki ang agwat ng mahihirap at mayayaman. Tumindi ang ang bilang ng mga walang trabaho na tinatayang

aabot sa 160 milyong manggagawa nitong 2000. Ayon pa sa mga pananaliksik, may mahigit 3 bilyong mamamayan o 1/3 ng pandaigdigang lakas paggawa ang wala o kulang sa trabaho at kumikita ng kakarapot lamang na di-sapat upang tugunan ang pangangailangan ng kanilang mga pamilya. May tinatayang 1.2 bilyong mamamayan ang kumikita lamang ng mababa sa P50 o $1 kada araw.

Sa patuloy na paglala ng krisis at pagtindi ng kumpetisyon sa pagitan ng mga malalaking monopolyo kapitalista, ibayo pa nitong pinalaki ang tubo sa pagbawi sa mga napagtagumpayang benepisyo ng manggagawa at mamamayan. Sa pamamagitan ng mga estadong monopolyo kapitalista, pinaliit nito ang mga subsidyo at badyet sa serbisyong panlipunan at higit na pinalaki ang sobrang halagang nakakatas sa pleksibilisasyon ng paggawa. Umabot na sa rurok ang likas na krisis ng kapitalistang sistema, sobra-sobrang produksyon lalo pa sa pag-abante ng teknolohiya habang kumikitid ang pamilihan dahil sa kawalang kakayahan ng mamamayan na bilhin ang mga ito.

Gayunma'y tuloy pa rin ang anarkiya ng kapitalistang produksyon. Hindi nasasawata bagkus lalo pang umigting ang sobrang produksyon, akumulasyon ng kapital at kumpetisyon sa pagitan ng mga monopolyo kapitalista na habang lumalaon ay nagiging marahas at nagluluwal ng pangongolonya at mga digmaan. Sa kabilang banda, nagluluwal ng panlipunang ligalig (unrest) ang kawalang katiyakan at malalang kahirapan na tutungo sa paniningil ng mamamayan sa kawalang kakayahan ng kanilang mga gubyerno. Ito ang dahilan kung bakit sinasabing ang krisis pang-ekonomya ay tuwirang nakaugnay sa krisis pampulitika. Ang pag-aalsa ng mamamayan sa mga patakaran ng globalisasyon ay hinaharap ng mga mapanupil na hakbangin ng mga gubyernong habang lumalaon ay naghuhubad na mapanlinlang nitong maskara at tuluyang nalalantad ang pasistang katangian.

Iniluwal ng pandaigdigang krisis ang muling paglakas ng pasistang tunguhin ng mga estado. Sa US, nalantad ang pasistang pangil ng gubyernong Bush matapos na mahubaran ang mapanlinlang na globalisasyon at pumutok ang matinding krisis sa ekonomya. Ginamit nito ang teroristang atake sa US noong Setyembre 2001 upang ilunsad ang diumano'y gera laban sa terorismo. Ang tutuo'y deklarasyon ito ng paglalatag ng Pax Americana o

pagtatakda ng “kapayapaan” o kaayusang pandaigdig na nasa kontrol, pangangasiwa at paghahari ng imperyalismong US. Buong kapaluan nitong inangkin ang papel na “globocop” batay sa sariling interes sa globalisasyon at malayang kalakalan.

Mahalagang bahagi ng estratehiya ng US ang postura nitong militarista upang makaalpas sa krisis na kinasasadlakan nito. Ang ekonomya ng US ay sa kalakhan nakasandig sa eksport at import, at sa pangunahi’y sinusuhayan ng pautang at pamumuhunan mula sa ibang bansa. Kinakailangan ng US ang militaristang postura at pagpapanatili ng kapangyarihang pampulitika nito upang makamit ang kumpyansa ng negosyo at patuloy na maging “ligtas” na sentrong pamilihan para sa mga produkto, serbisyo at kapital ng pandaigdigang kapitalismo. Ang kahalagahan ng retorika ng gera at kapangyarihang militar ay lalong naging mahalaga sa US laluna matapos ang atake noong September 11 at ang pagbulusok ng ekonomya nito noong 2002.

Hudyat din ito sa mga kakumpitensyang imperyalistang bansa sa pagnanais ng US na makaungos sa imperyalistang labanan. Ang gera sa Iraq at ang mga inuupatan nitong digma sa Gitnang Silangan, Asya at maging sa Latin Amerika ay pawang nakatuon sa pagpapahigpit ng kontrol at dominasyon ng imperyalistang US sa daigdig.

Subalit hindi naampat kahit ng madugo at magastos na gera sa Iraq ang krisis ng imperyalismo. Sa simula ng gera, nagkaroon ng bahagyang pag-angat ang pandaidigang ekonomya laluna sa mga sektor na ispekulatibo tulad ng stock market ng US (0.5% growth) at Japan (0.1% growth) subalit ang resesyon ay muling bumalik matapos ang gera. Ilang buwan matapos ideklara ang military victory sa Iraq, patuloy pa rin ang krisis ng mga imperyalistang bansa laluna ng US. Patuloy na bumabagsak ang halaga ng US dollar sa pandaigdigang pamilihan at hindi pa rin naampat ang krisis ng sobrang produksyon. Hindi pa rin nakakakaahon ang US sa napakatinding depisito sa kalakalan na dinanas nito sa unang kwarto ng 2003. Maging ang ibang imperyalistang bansa sa Europa ay binabagabag pa rin ng krisis tulad ng bagsak na produksyon at mababang consumer spending sa Britain at Germany. Patunay na ang krisis na kinakaharap ng kapitalistang sistema ay higit na malaki at mapanganib kaysa sa inaakala.

3 Ano ang epekto ng pandaigdigang krisis sa Pilipinas?

Malaki. Katunayan, ang pambansang kalagayan ng Pilipinas ay itinatakda ayon sa disenyo ng mga dayuhang komokontrol sa ekonomya at pulitika ng bansa. Bilang malakolonyang bansa, ang ekonomya ng Pilipinas ay inihulma para tugunan ang pangangailangan ng mga imperyalistang bansa. Bilang pangunahing alyado at papet ng imperyalismong US, walang patumanggang isinagawa ng gubyernong Arroyo ang mga programa at patakaran ng globalisasyon sa kabila ng patuloy na paglala ng mga pundamental na problema ng lipunan.

Ibayong pinatindi ng globalisasyon ang mga depektong istruktural ng ekonomya ng bansa. Inilatag ng kolonyal at laluna sa malakolonyal na paghahari ng imperyalismong US na gawing bagsakan ng sobrang produkto at angkatan ng mga murang hilaw na materyales at paggawa. Sa pakikipagsabwatan sa mga kasosyo nitong panginoong maylupa at malalaking burgesyang kumprador, binansot ng imperyalismo ang ekonomya at pinigilan ang anumang pag-unlad nito. Pinanatili nitong agraryo at atrasado ang ekonomya at kinasabwat ang mga panginoong maylupa upang manatiling monopolisado ang mga lupaing agrikultural at pigilan ang mga hakbang para sa tunay na repormang agraryo. Sa tulong ng mga burgesyang-kumprador ay hindi pinahintulutan ang anumang industriyalisasyon na nagluwal ng “industriyang” nag-aasembol at nagpoproseso lamang ng mga imported na sangkap. Sa ganito ang ekonomya ay itinali sa pandaigdigang pamilihan at labis na nakasalig sa dayuhang pamumuhunan at pautang. Sinisiguro ito ng gubyernong tinatauhan ng mga ahente ng imperyalismo, burges-kumprador at panginoong maylupa. Ito sa katotohanan ang krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

Subalit ang atrasadong agrikultura at industriyang walang gulugod ay lalo pang nilumpo ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon ng iba’t ibang bahagi ng ekonomya. Higit itong naging export-oriented at import-dependent ang produksyon kaya labis na nakasalig sa pandaigdigang pamilihan. Kaya pagdating ng taong 2000, ang per capita production sa agrikultura ay ibayo pang bumaba kaysa noong 1970s at ang produktibidad sa industriya ay higit

pang umimpis kaysa noong dekada 60. Ayon sa estadistika mismo ng gubyerno, ang taunang paglago sa produksyong agrikultura ay 1.5% lamang mula 1980-2000 na napakalayo sa dati-rating 4.2%. Ang taunang bahagi ng pagmamanupaktura ay patuloy na dumadausdos mula sa 25.4% noong 1990s sa 23.1% nitong 2001.

Lumaki man ng ilang ulit ang export ng bansa subalit ito ay nababalewala din sa laki ng mga gastusin sa imported na sangkap ng mga produksyong pang-eksport. Ang tutuo'y higit pa ngang naging nakasandig ngayon ang ekonomya sa imported na produkto mula sa simpleng produktong pangkonsumo hanggang sa mga pangangailangan ng produksyon. Ito ang dahilan ng palagiang depisit sa kalakalan at sa pagiging matakaw sa dolyar ng ekonomya ng bansa.

Hindi na maitago ang krisis pang-ekonomya ng bansa. Ang mga pahayag hinggil sa "paglago" ng ekonomya ay hindi nasasalin sa kabuhayan ng mamamayan na araw-araw ay kunsumisyon ang mataas ng presyo ng mga bilihin at serbisyo, walng disenteng tirahan, mababang pasahod, pagtaas ng krimen. Anupa't laganap ang kawalang-pag-asa dahil sa kawalang katiyakan sa buhay at kabuhayan.

Kaya nga halos isumpa ng taumbayan si Pangulong Arroyo sa lantaran nitong pangangayupapa bilang aktibong papet ng imperyalismong US sa isyu ng gera sa Iraq. Kahit ang mga konserbatibong sektor ng lipunan tulad ng simbahan at burges na oposisyon ay nananawagan sa gubyerno na harapin nito ang krisis sa kabuhayan ng mamamayan sa halip na makihalo pa sa gerang agresyon ng US at UK. Paano nga naman, iilan lamang ang mga tulad ni Pangulong Arroyo na sumuporta sa garapalang agresyon ng US at UK sa Iraq habang ang mayorya ng mga bansa, simbahan at ng mamamayan ng buong daigdig ay komokondena dito.

Pero sa mata ng imperyalismong US at mga kasapakat nito, bidang bida si Pangulong Arroyo. Kaya naman, pagkatapos mapatalsik sa poder si Saddam, hindi nakalimot ang among US sa mga matatapat nitong alagad. Sa kaso ni Pangulong Arroyo, binigyan ito ng masigabong salubong sa pagdalaw nito sa punong himpilan ng imperyalismong US sa Washington. Idineklara ni US President George Bush si Pangulong Gloria Arroyo na "pinakamaasahang alyado".

Pinarangalan ng husto si Arroyo bilang pangunahing tagapagtaguyod sa Asya ng “pandaidigang gera sa terorismo” ng US at sa aktibo nitong pagpapatupad ng mga patakaran ng globalisasyon. Bilang pabuya, niregaluhan ito ng US ng ayudang umaabot sa $4.6 bilyon na pinakamalaking halagang natanggap ng administrasyon ng Pilipinas mula sa US matapos na mapatalsik angmga base militar nito noong 1991.

Table 1. U.S. ECONOMIC AND MILITARY AID PACKAGE, 2003

- $126 million for training and excess defense articles (EDA) such as 30 Huey helicopters and a number of C-130 cargo planes
- $47 million for Balikatan in Sulu
- $2 million to rehabilitate Sulu
- $75 million for Filipino war veterans
- $3.2 billion worth of government and business agreements
- $686 million worth of economic projects
- $32.8 million for the reintegration of the MNLF
- $1 million to enhance the skills of the PNP in narcotics control
- $357 million military aid package
- $30 million for training and arming reaction companies
- $10 million for training and equipment for the war against terrorism

Mula sa iba’t ibang ulat at artikulo

Binuhusan ng US ang gubyernong Arroyo ng bilyong-bilyong dolyar sa anyo ng ayudang militar at mga proyektong pang-ekonomya. Nagbigay-daan din ito upang luwagan ng imperyalismo ang pangungutang ng gubyernong Arroyo sa mga pandaigdigang bangko at institusyong pampinansya. Mangangahulugan din ito ng pagpasok ng mga dayuhang puhunan sa bansa dahil sa pagtataguyod ng US sa rehimeng Arroyo.

Sa panahon ng pagbisita sa US, pinirmahan ni Pangulong Arroyo ang iba’t ibang kasunduan sa US kabilang na ang pagpapatuloy sa paglulunsad ng Balikatan at iba pang joint US-RP military exercise sa Pilipinas, immunity ng mga Amerikanong sundalo na mausig sa International Criminal Court,

kasunduan sa pagbibenta at pag-ieksport ng mga produktong agrikultural ng US sa Pilipinas at pagtutulungan sa pagdaloy ng remitans ng mga overseas Filipino workers (OFWs).

Pakitang gilas naman ang gubyernong Arroyo matapos ang pagmamano sa US. Gamit ang ayuda at kagamitang militar ng US, higit nitong pinatindi ang kampanya ng mga pulis at militar laban sa mga tinatawag nitong "terorista" na karamihan ay mga mamamayang lumalaban sa paghahari ng US at ng mga kasabwat nito sa Pilipinas.

Pero, pinatunayan na ni Arroyo ang kanyang katapatan sa US hindi lamang sa panahon ng gera sa Iraq. Bago pa man ito nanikluhod sa Washington, pinahintulutan na nito ang paglulunsad ng 17 joint military execise sa iba't ibang bahagi ng bansa na nagtransporma sa buong bansa bilang base ng mga tropang Amerikano para sa kanilang mga operasyong militar sa Asya-Pasipiko. Sa dikta ng mga ahensya ng imperyalismong US ay isinagawa nito ang mabilis na pribatisasyon ng mga korporasyon at serbisyong panlipunan tulad ng ginawa nito sa Napocor at ang liberalisasyon ng buong sektor ng enerhiya. Nabunyag kumakailan ang pag-iral ng Accelerating Growth, Investment and Liberalization with Equity (AGILE) na isang programang pinopondohan at tinatauhan ng US para impluwensyahan ang pagbubuo ng batas at patakaran ng gubyerno ng Pilipinas kabilang na ang pagtutulak sa pag-aamyenda ng konstitusyon upang iayon ito sa globalisasyon.

Ang tutuo'y mistulang gobernador na lamang si Pangulong Arroyo na kinatawan ng US at tagapangasiwa na lamang sa kolonyal na paghahari nito sa Pilipinas.

4 Ano ang kasalukuyang kalagayan ng ekonomya ng bansa?

Hindi lamang ang papuring tinanggap mula sa US ang ipinagmamalaki ngayon ng gubyernong Arroyo. Ngayon pa lang, itinatambol ng mga propagandista ng gubyerno ang diumano'y tantos ng paglago sa ekonomya na halos katulad noong 1996 bago naganap ang krisis pampinansya sa Asya noong 1997. Kumbaga, ang mga palatandaan daw ng ekonomya ay nagpapakita ng papaahong tunguhin sa kabila ng mga problemang hinarap nitong unang hati ng taon tulad ng epidemya ng SARS at ang gera sa Iraq.

Gayunma'y mapapansing naghahalo ang positibo at negatibong tunguhin sa mga mayor na palatandaan ng ekonomya. Halimbawa'y habang nagpapakita ng mainam na indikasyon ang Gross National Product (GNP) at Gross Domestic Product (GDP), agad din namang mapapansin na patuloy na lumalaki ang depisito sa budget ng gubyerno, lumalaki ang utang panlabas at nagpapatuloy ang krisis sa lokal na produksyon.

Table 2. MACROECONOMIC INDICATORS

	2003	2002	Period
GNP Growth Rate (%)	5.6	4.3	Q1
GDP Growth Rate (%)	4.5	3.8	Q1
Inflation Rate (%)	2.7	3.6	May
Peso-Dollar Rate	53.43	50.60	July
Exports	$2.698B	$2.749B	April
Budget Deficit	P202B	P210.7B	Yearend
Foreign Debt	$55.8B	$53.9B	Yearend
BOP	-$512M	$2.1B	Q1

Pinagsanggunian: NEDA, NSP, BSP, DTI, DBM

Kung bubusisiin ang GNP/GDP ng bansa, lalong lilinaw na mababaw ang batayan ng sinasabing paglago sa ekonomya. Sa unang kwarto ng taong 2003, tumaas ang tantos ng paglago ng GDP sa 4.5% mula sa 3.8% noong nakaraang taon. Subalit kung babaybayin ang mga sektor ng ekonomya, mapapansing ang nagtulak sa paglago ng domestic production ay ang sektor ng serbisyo dulot ng pagpapatuloy ng pagkahumaling sa mga cellphones ng lokal na pamilihan. Subalit ang dramatikong paglaki ng sabsektor ng pinansya ay nangangahulugan ng muling pagsigla ng institusyon at daluyang pampinansya ng bansa. Malaki ang kinalaman dito ng pagpasok ng mga pautang at pamumuhunan (na kalakhan ay ispekulatibo) matapos basbasan si Arroyo sa Washington.

Tumaas ang tantos ng paglago sa pagmamanupaktura dahil pa sa pagtaas ng produksyon sa pagmamanupatura ng pagkain at iba pang produktong pangkonsumo. Sa kabilang banda, substansyal naman ang ibinagsak ng produksyon sa agrikultura na pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng nakararaming Pilipino. Katunayan, bumagsak ng halos 32% ang produksyon ng mga mayor na pananim.

Table 3. GNP & GDP BY INDUSTRIAL ORIGIN
Growth rates at constant (1985) prices
First Quarter 2002-2003

	2001-2002	2002-2003
Industry		
Agri, Forestry, Fishery	4.8	2.9
1. Agriculture & Fishery	5.2	3.0
2. Forestry	-79.0	-50.0
Industry Sector	2.1	4.0
1. Mining & Quarrying	49.3	8.9
2. Manufacturing	2.4	5.3
3. Construction	-7.7	-3.2
4. Electricity, Gas & Water	1.7	3.1
Service Sector	4.8	5.6
1. Trans., Comm. & Stor.	10.1	8.6
2. Trade	5.5	5.5
3. Finance	-0.6	5.0
4. O. Dwellings & R. Estate	2.3	3.1
5. Private Services	5.1	5.3
6. Gov't Services	2.2	5.1
GROSS DOMESTIC PRODUCT	3.8	4.5
GROSS NATIONAL PRODUCT	4.3	5.6

Pinagmulan: National Statistical Coordination Board

Masusukat naman ang GNP kung isasama sa GDP ang remitans ng mga migranteng manggagawang Pilipino. Nagrehistro ng 5.6% na paglago ang GNP bunga ng pagtaas sa 21% ng mga ipinapadalang dolyar ng mga OFWs.

Isa pang nagbibigay-duda sa sinasabing paglago ng ekonomya ay ang mismong kalagayang pampinansya ng gubyerno. Tinataya mismo ng gubyerno na aabot sa P202 bilyon ang magiging depisito nito sa badyet sa pagtatapos ng taon. Subalit ayon sa IMF, maari pa itong umabot sa P263 bilyon dahil sa mga gastusin ng gubyerno sa eleksyon. Kung sakali, ito na ang pinakamalalang krisis sa badyet ng gubyerno sa kasaysayan ng bansa. Ang problema sa pangungulekta ng buwis ay lalo pang pinalala ng programa ng gubyerno sa liberalisasyon ng ekonomya. Habang patuloy nitong ginagatasan ng papalaki at paparaming buwis ang mamamayan at maliliit na negosyo, patuloy naman itong nagbibigay ng mga tax holidays sa mga malalaki at dayuhang kapitalista upang maakit ang mga ito na mamuhunan sa bansa.

Bukod dito, ibayo pang liliit ang makokolekta nitong buwis lalo pa't patuloy na pinaliliit hanggang sa maalis ang mga buwis at taripa sa kalakalan dahil sa mga kasunduan nito sa World Trade Organization. Idagdag pa rito ang mga regional at bilateral trade agreement ng gubyerno sa ibang mga bansa. Halimbawa nito ay ang kumakailan lang na pagtatakda ng gubyernong Arroyo ng Common Effective Preferential Tariff (CEPT) sa mga bansang miyembro ng ASEAN Free Trade Area (AFTA). Dapat sana'y potensyal na kita ng gubyerno ang ibabawas na taripa mula 0-5% sa mga produktong manupaktura, capital goods, at produktong agrikultural na magmumula sa bansang ito.

Wala na rin namang kitang maasahan ang gubyerno sa programa nito sa pribatisasyon. Bukod sa iilan na lamang ang nalalabi, karamihan pa sa mga pag-aari ng gubyerno ay problemado kaya walang interesadong kapitalista kahit na ibinibenta ang mga ito ng palugi.

Bukod sa remitans ng OFWs at dayuhang pamumuhunan, ang pangunahing sandalan ng gubyerno ay ang pangungutang. Nitong Marso 2003, aabot na sa $55.8 bilyon ang utang panlabas ng bansa. Kaya naman, itinuturing ang Pilipinas na ikatlo sa Asya pagdating sa pangungutang. Sa kabuuan, tinatayang aabot na sa P2.93 trilyon ang utang ng gubyerno at tinatayang sa

populasyong 80 milyong Pilipino, bawat isa ay may pasaning utang na P36,651 bukod pa sa kanilang mga personal na utang.

Ang masahol nito, ang badyet ng gubyerno ay hindi rin naman napupunta para sa serbisyong panlipunan. Sa badyet ng gubyerno para sa 2003, itinabi na agad ang 28% para pambayad sa utang habang ang badyet sa edukasyon ay 16% lamang. Mas malaki pa nga ang inilaang badyet ng gubyerno sa depensa at “public order” (5% at 7%) kaysa sa kalusugan (2%%).

Table 4. Alokasyon ng 2003 Pambansang Badyet
Amount in billion pesos; share in percent

Item	Amount	Share
Debt servicing (interest)	223.2	28
Education, culture, & sports	129.9	16
Communications, roads, & other transportation	56.9	7
Public order & safety	53.9	7
Defense	40.7	5
General administration	38.3	5
Agriculture, agrarian reform, & natural resources	37.1	5
Social security, welfare, & employment	33.8	4
Health	14	2
Water resources development & flood control	6.8	1
Other economic services	5.5	1
Land distribution	3.6	1
Trade & industry	3.1	0.4
Other social services	2.6	0.3
Other general public services	2.4	0.3
Power & energy	2.2	0.3
Housing & community development	1.7	0.2
Tourism	1.3	0.2
Net lending	5.5	1
Subsidy to LGUs (Social services)	52.4	6
Subsidy to LGUs (Economic services)	49.6	6
Subsidy to LGUs (General public services)	39.6	5
Total	804.2	100

Figures may not add up to total due to rounding

Pinaghalawan: Bayan Muna Research

Mangungutang ang gubyerno na ang kapalit ay liberalisasyon ng ekonomya. Subalit bilyon pisong halaga ng potensyal na kita ang nawawala dahil sa liberalisasyon. Pipigain na lamang ng gubyerno ang karaniwang mamamayan ng dagdag na buwis para sa ipambayad sa utang na hindi pa man nakokolekta ay naitalaga na para pambayad-utang. Samantala, ang mamamayan na pinagpipigaan ng pambayad ay pinagkakaitan pa ng mga serbisyong panlipunan.

Pero ang mas masahol na idinulot ng liberalisasyon at iba pang patakaran ng globalisasyon ay ang pagpapatindi sa pundamental na depekto ng agrikultura at industriya ng bansa. Hindi katakatakang lumabas sa isang sarbey kumakailan sa mga negosyante na hindi nila iboboto si Arroyo kung sakaling tumakbo ito sa 2004 presidential election. Patuloy sa pagkalugi ang maliliit na mga prodyuser dahil sa walang puknat na liberalisasyon ng ekonomya at mga programa ng gubyerno na pumapabor sa dayuhan at malalaking kapitalista.

Milyong magsasaka ang nasadlak sa matinding gutom at nawalan ng lupa at kabuhayan dahil sa pagpapatupad ng gubyerno sa Agreement on Agriculture (AoA) ng WTO. Itinatakda ng AoA ang pag-aalis ng mga subsidyo sa lokal na produksyong agrikultural kasabay ng pag-aalis din sa mga taripa at iba pang buwis ng mga imported na produktong agrikultural. Dahil sa atrasadong pamamaraan ng pagsasaka sa bansa habang moderno ang pamamaraan bukod pa sa mga patagong subsidyong ibinibigay sa agrikultura ng mga malalaking bansa, higit na mababa ang presyo ng mga imported kumpara sa lokal na produktong agrikultura. Ang ganitong sitwasyon ay nagdudulot ng di-pantay at kolonyal na kompetisyon na ikinalulugi ng mga magsasakang Pilipino. Mula ng tuwirang ipatupad ang AoA-WTO sa Pilipinas, malaking bilang ng mga magsasaka ang nailitan ng lupa, naging manggagawang bukid o di kaya'y naghanap ng ibang pagkakakitaan.

Globalisasyon din ang nasa likod ng programang Agricultural and Fisheries Modernization Act o AFMA ng gubyerno. Ang binabanggit na modernisasyon ay nakaangkla sa liberalisasyon ng pagpasok ng dayuhang pamumuhunan sa agrikultura, importasyon ng makinarya at pribatisasyon ng mga pasilidad sa pagsasaka kabilang na ang mga ahensya ng gubyerno tulad ng National Food Authority (NFA).

Habang inaalis ang suporta at subsidyo sa mga lokal na magsasaka, patuloy naman ang gubyernong Arroyo sa pagbibigay ng mga insentibo sa malalaking

kumprador at panginoong maylupa tulad ng pagbabawas sa taripa ng mga input at kagamitan sa agrikultura. Mula sa dating 3-10% taripa, ang buwis sa pag-aangkat ng mga ito ay ginawang 1% na lamang. Mula 1999 hanggang Oktubre 2000, binigyan ng gubyerno ng insentibo sa buwis ang malalaking korporasyong agribusiness tulad General Milling, Vitarich, RFM, Universal Robina at San Miguel Corporation. Patunay na ang pabuya ay sa kumprador-panginoong maylupa habang magsasaka ang pinipiga.

Kitangkita rin ang pagkiling sa dayuhan at malaking negosyo sa industriya. Direktang iniresulta ng liberalisasyon, ang maramihang pagsasara ng mga pabrika at empresa. Noong 2002, kada araw tinatayang 10 small-and-medium enterprises (SMEs) ang nagsasara o di kaya'y nagbabawas ng manggagawa dahil kawalan ng kakayahang makipagkumpitensya sa mga imported na produktong bumabaha sa lokal na pamilihan. Araw-araw, aabot sa 212 manggagawa ang nawawalan ng trabaho dahil dito.

Ayon sa Employees Confederation of the Philippines (ECOP), halos kalahati (49%) ng 1,000 establisimyentong sinarbey ang dumanas ng pagbaba sa kanilang benta nitong nakaraang 2 taon. Ilan sa mga dahilan nito ay mataas na gastos sa produksyon, hindi mainam na kalagayan sa pagnenegosyo, di-pantay na kompetisyon, kawalan ng suporta ng gubyerno, kawalan ng akses sa pautang at kapital. Hindi rin halos naka-take off ang programang pang-ekonomyang Plan 747 ng gubyerno dahil sa kawalan nito ng kongkretong plano para sa mga maliliit na negosyo. Sa pre-industriyal na ekonomya ng Pilipinas, mahigit 95% ng mga establisimyento ay itinuturing na nasa kategorya ng maliliit at midyum.

Nitong nakarang mga linggo, naging laman ng pahayagan ang pag-iral ng mga "sweatshops" tulad ng kaso ng Anvil Ensembles na nagpapatupad ng mga di-makataong kondisyon sa paggawa kabilang na ang labag-sa-batas na pasahod at pagpapagamit ng droga para abutin ang kotang itinakda ng Amerikanong empresang JC Penney. Pero lumang kwento na ito sa mga manggagawa, dahil ang tutuo'y matagal nang isang malaking sweatshop ang produksyon sa Pilipinas dahil ang produksyon nito'y itinatakda ng mga batas sa kota at iskedyul ng mga korporasyong transnasyunal. Ang masaklap, sa halip na gawing pagkakataon ito upang mapagpasyang isaayos ang kalagayan ng manggagawang Pilipino, higit na binigyang-pansin ng Department of Labor and Employment (DOLE) ang posibleng epekto ng mga balita

sa mga dayuhang mamumuhunan. Mas pinahalagahan pa ng gubyerno ang magiging reaksyon ng mga dayuhang kapitalista gayong sa tutuo lang karamihan sa mga ito ay nagnenegosyo dahil mismo sa katangiang sweat-shop ng produksyon sa Pilipinas.

Subalit ano nga ba ang aasahan sa isang gubyernong nahihibang sa "paglago" ng ekonomya subalit hindi alintana ang napakatinding kalagayan sa kawalan at kakulangan sa trabaho?

Ang matinding kawalan at kakulangan sa trabaho ang magpapasinungaling sa diumano'y paglago ng ekonomya. Ito ang pangunahing iniluwal ng pagpapala ng globalisasyon sa atrasadong ekonomya ng bansa. Nitong Abril 2003, tinatayang 12.2% ang unemployment rate ng bansa. Bahagya itong lumiit kumpara sa 13.9% noong nakaraang taon subalit ang Pilipinas pa rin ang may pinakamataas na unemployment rate sa buong Asya. ***Tingnan ang Table 5.***

Ibig sabihin nito'y sa bawat 100 manggagawa, 12 ang walang trabaho. Ang bahagyang paglaki sa bilang ng naempleyo ay hinigop ng mga di-regular na trabaho. Makikita ito sa paglaki ng mga tinatawag na own-account at unpaid family worker habang papaliit naman ang bilang ng mga manggagawang nasa kategorya ng wage and salary workers. Ang mga wage and salary workers ay karaniwang matatagpuan sa pagmamanupaktura na patuloy na umiimpis dahil sa liberalisasyon ng ekonomya. Patuloy sa kawalang kakayahan ng industriya ng bansa na higupin ang produktibong pwersa ng bansa.

Tinatayang aabot na sa 10 milyon ang overseas Filipino workers na napwersang magtrabaho sa ibang bansa dahil sa kawalan ng oportunidad at matinding kawalan ng hanapbuhay sa Pilipinas. Kada araw, may 3,000 Pilipino ang umaalis ng bansa upang maghanap ng ikabubuhay sa ibang ekonomya. Malaking porsyento sa mga ito ay mga gradweyt ng kolehiyo subalit nagtatrabaho nang mababa sa kanilang kwalipikasyon tulad ng pagiging domestic helpers. Lumalaki na namang muli ang porsyento ng mga propesyonal na nangingibang-bansa laluna sa sektor ng medikal at nursing kabilang na ang care giving. Sa halip na ipangamba, itinutulak pa nga ito ng gubyerno kung pagbabatayan ang naiulat na 200 training schools para sa caregiving sa Metro Manila pa lamang.

TABLE 5. Labor Force Survey
(in thousands)

	April 03	April 02
Labor Force Population	34,635	35,052
Employed Persons	30,418	30,186
Unemployed Persons	4,217	4,866
Under employed Persons	4,733	5,922
Worked less than 40 hours	3,190	3,784
Worked 40 hours and over	1,543	2,138
Not in the Labor Force	16,962	15,115
Labor Force Participation Rate	67.1	69.9
Employment Rate	87.8	86.1
Unemployment Rate	12.2	13.9
Underemployment Rate	15.6	19.6
Visible Underemployment Rate	10.5	12.5
By class of worker		
Wage and salary	14,635	14,711
Own-account	11,654	11,379
Unpaid family worker	4,128	4,096
By industry sector		
Agriculture	11,155	11,025
Industry	4,860	4,820
Services	14,405	14,341

Mula sa: Bureau of Labor and Employment Statistics

Noong nakaraang SONA ng pangulo, kabilang sa mga ipinangako nito ang paglikha ng milyong trabaho upang diumano'y masolusyonan ang malalang kawalan ng trabaho sa Pilipinas. Pero sa halip na pagtuunan ang pundamental na depektong istruktural ng ekonomya na nagluwal ng kawalan ng trabaho, lalo pa itong pinalobo ng globalisasyon at gera na pinagkaabalahan ng pangulo nitong nakaraang mga buwan. Katunayan, isa sa mga dahilan ng aktibong paglahok ng pangulo sa "coalition of the willing"

ng US laban sa Iraq ay ang pangakong trabaho para sa migranteng manggagawa. Trabaho at dolyar kapalit ng buhay at kalayaan ng milyong-milyong Iraqi.

5 Sino ang nakinabang sa sinasabing paglago ng ekonomya ng bansa?

Walang napala ni katiting na pakinabang ang mamamayan sa sinasabing paglago ng ekonomya. Tanging mga panginoong maylupa, malalaking burges-kumprador at korporasyong transnasyonal ang kumita. Sa madaling salita, ang laman ng bulsa at kabang-yaman ng mga naghaharing uri ang lumago habang humpak sa gutom at kahirapan ang mamamayan laluna ang mga anakpawis.

Malinaw kung kanino naglilingkod ang gubyernong Arroyo. Ang kahibangan nito ay umabot na sa pagkalimot sa katotohanang ito ay naluklok sa kapangyarihan sa pamamagitan ng militanteng pagkilos ng taumbayan.

Sa gitna ng krisis pangkabuhayan, patuloy na nagkakamal ng dambuhalang tubo ang mga korporasyong transnasyunal at malalaking kumprador-asendero. Habang kaliwa't kanan ang mga insentibong ibinibigay sa dayuhan at malalaking kapitalista ay patuloy naman itong nagbibingibingihan sa kahilingan ng mga manggagawa para sa dagdag na sahod. Ito ay sa kabila ng katotohanang ang minimum na pasahod sa Pilipinas ay lubha nang napakalayo sa kinakailangang halaga para sa disenteng pamumuhay. Halimbawa, ang minimum wage sa Metro Manila na P280 ay halos kalahati lamang ng halagang kinakailangan para mabuhay ng disente sa Kamaynilaan. Sa pagtataya ng Ibon, nitong Mayo 2003 ang daily cost of living para sa pamilyang may anim na miyembro ay hindi dapat bumaba sa P545.73. ***Tingnan ang Table 6***

Kung ito ang pagbabatayan, aabot sa 88% ng mamamayan ang tinatayang nasa kategorya ng mahirap. Malayo ito sa pahayag ng gubyerno na 28.4% lamang daw ang poverty incidence ng bansa na nakabatay sa kanilang pagtataya na kinakailangan lamang daw ng isang Pilipino ng P38 kada araw para mabuhay ng maayos. Kung paano ito pagkakasyahin sa harap ng sumisirit na presyo ng mga bilihin at batayang serbisyo ay tanging sila lamang ang nakakaalam.

TABLE 6. Latest Data on Consumer Price Index, Inflation Rate (IR), Purchasing Power of the Peso, and Daily Cost of Living

	CPI		IR		PPP		DCoL	
	June 03	June 02	June 03	June 02	June 03	June 02	June 03	June 02
Philippines	171.9	166.3	3.4	2.9	0.58	0.60	451.48	436.77
NCR	175.9	168.4	8.2	3.6	0.57	0.59	552.96	529.38
AONCR								
Agri	170.4	165.4	5.7	2.6	0.59	0.60	410.32	398.28
Non-Agri	170.4	165.4	5.7	2.6	0.59	0.60	431.71	419.04

Patuloy ang pagtaas ng mga bilihin. Mula Abril hanggang Hunyo 2003, na-monitor ang halos 3% pagtaas sa presyo ng de-lata, tinapa, gatas, kape, asin, kandila at iba pang pangkaraniwang kinokonsumo ng sambahayan. Halos kinalimutan na ng mga maralita ang pagpapaospital kapag maysakit sa di-makayang presyo ng mga gamot at serbisyong medikal. Tinatayang aabot sa 39% ng 3.5 milyong estudyante ang hindi nakapasok sa iskwela ngayong pasukan dahil sa napakataas na halaga ng edukasyon. Halimbawa, ang matrikula sa 317 unibersidad at kolehiyo ay nagtaasan ng P22 hanggang P62 kada yunit.

Tila mauunsyami ang tagumpay na nakamit ng mamamayan sa magiting nitong pakikibaka laban sa PPA at sa sobrang koleksyon na dinaya ng Meralco sa taumbayan. Dahil sa malawak na protesta ng mamamayan laban sa PPA, napwersa ang ang pangulo na itigil at bawasan ang kinokolektang PPA. Pero ang tutuo'y nagpapabango lamang ito dahil noong 2001, tuso nitong minadali ang pagsasabatas ng Electric Power Industry Reform Act (EPIRA) na ibayo pang magpapataas sa presyo ng kuryente sa pribatisasyon ng Napocor, deregulasyon sa industriya ng kuryente at ang kaakibat nitong liberalisasyon sa kabuuan ng sektor ng enerhiya. Inuunti-unti naman ng Meralco ang pagbabalik sa perang ninakaw nito sa mamamayan habang minamaniobra ang pagpasok ng mga bagong bayarin sa kuryente. Sa tinatawag na "unbundling rates" , samutsaring bayarin ang ipinapasa ng Meralco sa mga consumer nito. Nawala ang PPA pero napalitan ito ng Generation Rate Adjustment Mechanism (GRAM). Ang suma-total: mas mataas na bayarin sa kuryente.

Tumaas din ang presyo ng tubig sa Kamaynilaan. Sa west zone na pinangangasiwaan ng Maynilad, tumaas ang karaniwang taripa ng tubig na ngayo'y P15.46 per cubic meter mula sa P4.96 per cubic meter noong 1997 nang hindi pa pribatisado ang patubig sa Metro Manila. Ganito rin ang istorya sa erya ng Manila Waters na tumaas din sa P6.75 per cubic meter mula sa P2.32 per cubic meter noong 1997. Ang mas masamang balita ay inaprobahan pa ng gubyerno ang panibagong pagtataas ng taripa sa tubig kapwa ng Manila Waters at Maynilad na pag-aari ng mga dayuhang korporasyon.

Kung walang lupang masaka sa kanayunan dahil sa monopolyo sa lupa, sa kalunsuran ay walang kabuhayan at walang disenteng tahanan na matirhan ang libu-libong maralitang lunsod. Ligalig ang maralita sa kalunsuran dahil sa mga programa ng gubyerno na nakatarget sa kanilang sektor. Halimbawa, ang kontrobersyal na paglilinis ng mga sidewalk kabilang na ang pagpapaalis sa mga vendors nang wala namang ibinibigay na alternatibang mapagkukunan ng kabuhayan para sa mga maralita. Ang libulibong pamilyang dinemolis sa gilid ng riles ng tren para diumano sa proyekto ng pagpapahusay ng pangmasang transportasyon. May badyet para sa pagmomodernisa ng tren subalit walang relokasyong maibigay sa mga itinaboy na maralita.

Walang lupang masaka at kung meron mang masaka ay walang matira sa taas ng gastos sa produksyon at mababang presyo ng produktong agrikultura. Walang trabaho at kung may trabaho, mababang sahod na hindi na mapagkasya sa patuloy na pagtaas ng mga bilihin at serbisyo.

6 Ano ang nagiging epekto ng patuloy na paglala ng kahirapan sa lipunan?

Sa pagwawalang bahala ng gubyerno sa hinaing ng mamamayan, wala itong mapagpilian kundi ang igiit ang karapatan at ipagtanggol ang kanilang kabuhayan. Sa harap ng patuloy na paglala ng kabuhayan ng mamamayan, ang pagpupunyagi ng mamamayan na makapanatili ay ibayo pang ginigipit ng militarisasyon at panunupil sa kanilang mga karapatan. Sa pagtindi ng krisis, tumatalas din ang polarisasyon sa lipunan sa pagitan ng mga pinagsasamantalahan at ng nagsasamantala.

Tumaas ang antas ng pakikibakang manggagawa para sa dagdag na sahod at makatarungang kalagayan sa paggawa. Umabot sa 30 ang welgang naitala mula Enero hanggang Hunyo 7, 2003 na mas mataas sa 26 na welgang naitala noong nakaraang taon. Tumaas din ang bilang ng mga nagsumite ng notice of strike (NOS) o intensyong magwelga na may 79 na NOS ngayong taon kumpara sa 63 noong 2002.

Subalit walang pagpapanggap na inilantad ng gubyernong Arroyo ang militaristang tunguhin nito sa pagharap sa mga lehitimong pakikibaka ng mamamayan. Nagpatuloy ang mga kaso ng paglabag sa karapatang pangmanggagawa tulad ng pagbuwag sa mga piketlayn, pang-aaresto at panunupil sa iba't ibang anyo.

Ang pangil ng "matatag na republika" ay kitang-kita sa walang habas na demolisyong isinasagawa ng mga ahensya ng gubyerno. Sa Metro Manila halimbawa, pinamumunuan mismo ng paboritong upisyal ni Arroyo na si Bayani Fernando ang demolisyon sa mga kabahayan at kabuhayan ng mga maralitang lunsod dahil ang mga ito diumano ay masakit sa mata at sagabal sa mga proyektong pangkaunlaran ng pamahalaan.

Papataas pa ang bilang ng mga kaso ng paglabag sa karapatang tao sa ilalim ng "matatag na republika" ni Pangulong Arroyo. Ayon sa Karapatan, ang kabuuang bilang ng kaso ng paglabag ay naitala sa 2,010 mula Enero-Mayo 2003 na mas mataas sa 966 na kaso noong 2002 sa parehong panahon. Karamihan sa mga biktima ay mga lider at komunidad ng organisasyong masa na kalakhan ay nasa kanayunan.

Pinapaypayan ng patuloy na pagbagsak ng kabuhayan at pisikal na dislokasyon ng mamamayan ang namumuong ligalig at rebelyon sa lipunan dahil patuloy na nasusumpungan ng mamamayan ang pakikibaka para mabuhay sa iba't ibang anyo ng paglaban — protesta, welga at maging ang armadong paghihimagsik.

Ang tutuo'y nasa yugto na nga ng rebelyon ang lipunang Pilipino. Kung pagbabatayan ang papalaki at papadalas na engkwentro sa pagitan ng mga rebeldeng grupo at ng AFP, mahihinuhang lumalakas at umaani ng suporta ang mga rebeldeng grupo ng New People's Army (NPA) at maging ang Moro Islamic Liberation Front (MILF). Sa patuloy na pagtindi ng krisis sa lipunan, ibayo pang lalakas at lalaganap ang rebelyon.

Subalit sa halip na harapin at lutasin ang ugat ang rebelyon sa bansa, higit na bumaling ang gubyernong Arroyo sa militaristang pagharap sa rebelyon. Sa maagang bahagi pa lamang ng administrasyong Arroyo, hinubad na nito ang anumang pagpapanggap para sa kapayapaan at inumang ang solusyong militar ayon sa dikta ng US. Kung tutuusin, ang pagbaling sa militaristang landas na itinatakda ng US ay nakatulong din sa konsolidasyon ng gubyernong Arroyo upang masawata ang iba pang paksyon ng naghaharing uri na nagtatangkang agawin ang kapangyarihan. Sa pagtalima nito sa militaristang preskripsyon ng gubyernong Bush, natahimik ang mga planong kudeta laban kay Arroyo.

Sa pakikipagdweto ni Arroyo sa gera laban sa terorismo ng US, ibinukas nito ang Pilipinas sa armadong panghihimasok ng mga tropang Amerikano at ipininid nito ang pinto para sa posibilidad ng mga usaping pangkapayapaan sa mga rebeldeng grupo. Lalo na nang ideklara ng US ang Pilipinas bilang ikalawang larangan (second front) ng kanilang pandaigdigang gera laban sa terorismo, para na rin nitong trinansporma ang bansa bilang bagong Vietnam.

7 Posible bang mabago ang takbo ng ekonomya sa nalalabing isang taon sa poder ni Pangulong Arroyo?

Tiyak na hindi. Maliban na lamang kung ihinto nito ang pagsasakatuparan ng globalisasyon at ipatupad ang tunay na repormang agraryo at magpunyagi sa pambansang industriyalisasyon. Pero imposibleng asahan ito sa gubyernong dominado ng panginoong maylupa at kumprador burges. Lalo namang hindi ito palulusutin ng amo nitong imperyalismong US na siyang pangunahing nakikinabang sa kasalukuyang kaayusan.

Kung pagbabatayan ang pinakahuling mga hakbangin ng gubyernong Arroyo, malayo sa hinagap nito ang pagtugon sa karaingan ng mamamayan. Bagkus, ang nalalabing isang taon nito ay gugulin sa mga hakbang upang isulong sa ganap nitong implementasyon ang patakaran sa globalisasyon ng among imperyalismong US, durugin ang mga banta at hamon sa patuloy na pag-iral ng naghaharing sistema, at ang pagmamaniobra nito upang manatili sa poder at magwagi sa labanang paksyunal ng naghaharing uri.

Kabilang sa mga sangkap ng pagkukumpleto sa globalisasyon ang napipintong pag-amyenda sa konstitusyon ng bansa. Layon nito hindi lamang ang pananatili sa poder ng mga pulitiko subalit higit pa ang pag-alis sa mga nalalabing sagabal sa ganap na liberalisasyon ayon sa itinatakda ng WTO, IMF, WB at iba pang ahensya ng imperyalismo. Ang kampanya sa Charter Change (ChaCha) ng gubyerno ay ni hindi man lang nagpanggap na lutasin ang pundamental na suliraning bumabagabag sa ekonomya at pulitika ng bansa. Bagkus, nakatuon ito sa pag-aayon ng saligambatas sa interes ng lokal na naghaharing uri at sa pangangailangan ng dayuhang monopolyo kapitalista. Pangunahing target ng mga dayuhang mamumuhunan ang pag-alis sa konstitusyon ng mga probisyon sa pambansang patrimonya at mga karapatang pang-ekonomya na pumipigil sa ganap na pandarambong ng dayuhan sa ekonomya. Hangad din ng US na alisin ang probisyon sa pagbabawal sa nukleyar at mga dayuhang tropa sa bansa upang magkaroon ng legal na balangkas ang kanilang muling pagtatayo ng mga base militar sa bansa.

Magiging tampok din na usapin ang panibagong negosasyon sa WTO ngayong Setyembre sa Cancun, Mexico. Itinutulak ng imperyalismo ang pagbubukas ng mga bagong kasunduan tulad ng liberalisasyon sa pamumuhunan na malaki ang kaugnayan sa isinusulong na ChaCha ng gubyerno. Tuluyan nang maghahari ang dayuhang kapital sa lahat ng aspeto ng ekonomya ng mga bansang mahihirap kapag naipasok sa WTO ang kasunduan sa investment liberalization. Pumapapel ng husto ang mga kinatawan ng gubyerno ng Pilipinas sa negosasyon sa WTO at nagpapanggap itong tagapagsalita ng mga bansa sa ikatlong daigdig gayong sa bandang huli, posisyon din naman ng US ang isusulong nito.

Pasipikasyon ang magiging patakaran ng gubyerno sa pagharap sa armadong rebelyon. Samutsaring dahilan ang ginagamit ng gubuyerno upang pigilan ang pagsisikap ng peace advocates tulad ng simbahan para sa mga usapang pangkapayapaan. Ang pinakahuli'y ay ang diumano'y koneksyon ng NPA sa mga plantasyon ng marijuana sa mga baseng gerilya nito. Matigas itong itinanggi ng NPA at tinukoy pa nga nitong ang mga pinuno ng sindikato sa droga ay mga upisyal ng gubyerno at militar. Gayunman, malinaw ang kawalang-interes ng gubyerno sa usapang pangkapayapaan kapwa sa NPA at MILF. Sa halip, kinukumpleto na nito ang makinarya para sa todo-todong gera sa pamamagitan ng mga probokasyon o paglikha ng kalagayan para sa

digmaan at destabilisasyon, mga batas at programa laban sa “terorismo” tulad ng national ID system, paglulunsad ng mga joint military exercise kasama ang mga tropang Amerikano sa mga pinaghihinalaang base ng MILF at NPA.

Buhos naman ang suporta ng US sa militaristang solusyon ni Arroyo at ng kanyang mga heneral. Bahagi ng estratehiya ng US at ng gubyernong Arroyo ang lahatang panig na counter-insurgency program kabilang na ang mga development projects upang hatiin at kabigin ang baseng masa ng mga rebeldeng grupo. Halimbawa nito ang proyektong “Mindanao Natin” (Mindanao National Initiative) na isang P5.5 bilyong proyekto para sa “rehabilitasyon at kaunlaran” ng Mindanao. Kumabaga, ito ang socio-ekonomikong bahagi ng estratehiya habang todo-todong binobomba at winawasak ang mga pinaghihinalaan nitong base ng mga rebeldeng grupo.

Gayunma’y, eleksyon at paghahanda para dito ang magiging pangunahing pagkakaabalahan ng iba’t ibang paksyon ng naghaharing uri. Ngayon pa lamang, aktibo na ang mga ito sa paghahanda ng makinarya, paghahanap ng pera at pamimili ng kanya-kanyang kabayong itatakbo sa karera ng reaksyunaryong pulitiko. Mahalaga ang eleksyong ito para sa kampong ng rekasyunaryong paksyon ni Estrada na nakasalalay sa eleksyon ang kahahantungan ng kanyang kaso ng pandarambong. Return match ito ng tunggalian ng mga paksyon ng naghaharing uri na nagharap sa Edsa 2.

Ibayo pang malalantad ang kawalang-demokrasya ng sistemang pampulitika sa darating na halalan lalo pa’t walang mayor na kandidato ang nakapaglalatag ng malinaw na plataporma de gubyerno at paninindigan sa mga tampok na usapin. Sa halip, nagkakasya na lamang ang mga ito sa mga gimik at personalidad para makuha ang boto ng masa. Ang eleksyon sa Pilipinas ay panahon ng matinding tunggalian ng mga paksyon ng naghaharing uri para sa poder subalit panahon din ito ng konsolidasyon ng naghaharing sistema para sa maayos na lipatan ng pampulitikang kapangyarihan mula sa isang paksyon ng naghaharing tungo sa iba. Ang ipinangangamba ng mga naghaharing uri ay ang lumalaking tagumpay ng ilang alternatibang partidong elektoral na may malinaw na paninindigang anti-imperyalista, anti-pasista at anti-pyudal. Dapat samantalahin ng taumbayan ang pagkakataong ito upang igiit ang mga karaingan at ilantad ang pagpapanggap ng mga pulitiko sa mga kampanya.

Samantala tuloy ang pakikibaka ng mamamayan. Sa iba't ibang larangan at sa iba't ibang anyo ng paglaban. Narito ang pag-asa ng sambayanan. Nasa kanilang mahaba at makulay na militanteng pakikibaka at rebolusyonaryong tradisyon. ■